



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 MARSO 1996, 9:00 NG UMAGA SA
BARANGAY HALL NG LINTONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dinalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis - Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talena
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dinapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Dacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Cesar T. Baticora
Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Lorna F. Dinapilis

KAPASTAHAN NO. 330
Taong 1996

KAPASTAHANG MAPITAGANG HUMIHILINO SA PROVINCIAL
ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICER,
DENR, CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA PAGKA-
LOOBAN NG CERTIFICATE OF STEWARDSHIP PARA SA
LUPANG KINATATAYUAN NG MGA TAHANAN, ANG MGA
PAMILYANG NANINIRAHAN SA MARINE ZONE NG SITYO
OLD DANGAY, BARANGAY DANGAY, ROXAS, SILANGANG
MINDORO.

SAPAGKA'T sa salvaged zone o marine zone ng Sityo Old Dangay, Barangay
Dangay, Roxas, Silangang Mindoro ay may mga naninirahang
nangangiala kung saan matagal nang panahong dito sila tumitira
at naghanapbuhay;

SAPAGKA'T ang lugar na tinatayuan ng mga taong ito na tinatag na
marine zone ay humigit-kumulang sa isang hektarya kung saan
mayroong mahigit sa isandaang pamilyang naninirahan sa ngayon;

SAPAGKA'T ang bayan ng Roxas ay walang "resettlement area" na maaaring
pagdalan sa mga pamilyang sangkot bukod pa sa maaapokuhan
ang kanilang hanapbuhay sa pangangiala;

SAPAGKA'T ang mga naninirahang ito sa marine zone ay mahigit nang
labinglimang taon sa peak na ito at may permit and acceptance
(revocable permit) mula sa Community Environment and Natural
Resources Office, DENR ng bayang ito;

SAPAGKA'T ang pagkakaloob sa kanila ng "certificate of stewardship" ay
magiging matibay na basehan ng posisyon sa marine zone na ito
at sa gayon ay nakapagbubuwis na sila na magiging karagilagang
kita naman ng kabang-bayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

SAPAKKA'T napagkaisahan ng mga miyembro ng Sangguniang Bayang ito na hilingin sa Provincial Environment and Natural Resources Officer, DENR ang pagkaloob ng sertipikong nabanggit sa mga pamilyang naninirahan sa marine zone sa Sitio Old Dangay bilang tulong at suporta ng pamahalaan sa mga programang pag-aangat ng kalagayang pang-ekonomiya ng ating mga mamamayan;

DAHIL DIPO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na pinangalawhan ni Kagawad Angeles D. Bautista -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Provincial Environment and Natural Resources Officer, DENR, Calapan, Silangang Mindoro na pagkalooban ng "certificate of stewardship" ang mga pamilyang naninirahan sa marine zone sa Sitio Old Dangay, Barangay Dangay, Roxas, Silangang Mindoro upang ang mga ito'y matulungan sa mga pangangailangan para sa pag-unlad ng pamilya at ng samayanan.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Provincial Environment and Natural Resources Officer, PENRO, DENR, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang pagsuuri at naayong pag-akayon sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi sa G. ANTONIO C. AIMARIO, Chief, Land Management Division, DENR Regional Officer IV - B, 1515 Roxas Boulevard, Manila, Executive Assistant Maria Clarissa Magdaraog, DENR, Quezon City, gayundin ang Community Environment and Natural Resources Officer, CENRO, DENR, San Mariano, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at suporta sa kapasyahang ito.


Pinagtibay.

Adopted: 25 Marso 1996


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DELAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


ELADIO I. YASON
Municipal Mayor

nerz/